

Aplikasyon Para sa DOR Student Services

DR 203 (REV 07/17)

Pahina 1 ng 2

Apelyido ng Mag-aaral		Pangalan		Gitnang Inisyal	
Address para sa Koreo		Lungsod	Zip Code	County	
Numero ng Telepono		Email Address			
Petsa ng Kapanganakan (mm/dd/yyyy)			Kasarian <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae <input type="checkbox"/> Tumatangging magsabi		
Lahi (mangyaring markahan ng tsek lahat ng naaangkop) <input type="checkbox"/> White <input type="checkbox"/> Black o Aprikano Amerikano <input type="checkbox"/> American Indian o Katutubo ng Alaska <input type="checkbox"/> Hawaiian <input type="checkbox"/> Samoan <input type="checkbox"/> Guamanian o Chamorro <input type="checkbox"/> Iba Pang Pacific Islander <input type="checkbox"/> Tsino <input type="checkbox"/> Koreano <input type="checkbox"/> Asian Indian <input type="checkbox"/> Hapon <input type="checkbox"/> Vietnamese <input type="checkbox"/> Pilipino <input type="checkbox"/> Laotian <input type="checkbox"/> Cambodian <input type="checkbox"/> Iba Pang Asyano <input type="checkbox"/> Tumatangging Magsabi					Katangiang Etniko: Hispanic / Latino <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Mangyaring isulat ang kapansanan ng mag-aaral o dahilan ng kwalipikasyon para makatanggap ng IEP/504:			Dokumentasyon (pumili ng isa) <input type="checkbox"/> IEP (magbigay ng kopya) <input type="checkbox"/> 504 Plan (magbigay ng kopya) <input type="checkbox"/> Lagda ng Paaralan (tingnan sa ibaba) <input type="checkbox"/> Iba pa (tukuyin ang uri at ilakip ang kopya kung mayroon)		



Kumpletuhin lamang ang bahaging ito kapag pinili ang "Lagda ng Paaralan": Kinukumpirma ko na naka-enroll ang mag-aaral sa paaralang nakasaad sa ibaba at may nakatalang kapansan tulad ng nakasaad sa itaas.

Lagda ng Opisyal ng Paaralan: _____ Petsa: _____

Naka-print na Pangalan ng Opisyal ng Paaralan: _____ Titulo: _____

Pangalan ng Paaralan		Address ng Paaralan		<input type="checkbox"/> Sekondaryang Paaralan <input type="checkbox"/> Paaralan Pagkatapos ng Sekondarya	
Uri ng Paaralan <input type="checkbox"/> Publiko <input type="checkbox"/> Pribado <input type="checkbox"/> Charter <input type="checkbox"/> Pag-aaral sa Tirahan <input type="checkbox"/> Programa ng GED <input type="checkbox"/> Bokasyonal/Teknikal <input type="checkbox"/> Kolehiyo/Unibersidad <input type="checkbox"/> Iba Pa				Inaasahang Petsa ng Pagtatapos/Pag-alis Mula sa Paaralan (mm/dd/yyyy)	
Apelyido ng Magulang/Tagapangalaga/Tagapagtanggol		Pangalan		Relasyon <input type="checkbox"/> Magulang <input type="checkbox"/> Tagapangalaga <input type="checkbox"/> Tagapagtanggol	
Numero ng Telepono		Email Address			

Nagbibigay ako ng pahintulot sa mga tauhan ng paaralan na ipaalam ang impormasyong ito sa Kagawaran ng Rehabilitasyon. (20 U.S.C. 1232g(b) at 34 CFR 99.30 and 99.31.) Kinukumpirma ko na may dokumentasyon ang mag-aaral o itinuturing siya na may kapansanan tulad ng nakasaad sa itaas. Nagbibigay ako ng pahintulot upang lumahok ang mag-aaral sa mga serbisyo para sa mag-aaral na ibinigay o inihanda ng DOR, habang kwalipikado ang mag-aaral para sa mga naturang serbisyonag.

Lagda ng Mag-aaral 	Petsa ng Paglagda	Lagda ng Magulang/Tagapangalaga/Tagapagtanggol 	Petsa ng Paglagda
---	-------------------	---	-------------------

Aplikasyon Para sa DOR Student Services

DR 203 (REV 07/17)

Pahina 2 ng 2

LAYUNIN NG FORM

Nilalayon ng form na ito na humiling ng mga student service para sa mga posibleng kwalipikadong mag-aaral, ayon sa 34 CFR 361.48(a). Maaring kabilang sa mga serbisyo para sa mag-aaral ang alinman sa mga sumusunod na mga serbisyo para sa paghahanda sa pamamasukan: pagpapayo sa paghahanap ng trabaho, mga karanasan na natututunan mula sa trabaho (work-based learning experiences), pagpapayo sa enrollment para sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya, pagsasanay para sa paghahanda sa trabaho, at pagsasanay para sa pansariling adbokasiya. Tinutukoy ang mga "posibleng kwalipikado" na mag-aaral bilang mga mag-aaral na may kapansan, may edad na 16 hanggang 21, na hindi pa nag-aaplay o naituturing na kwalipikado sa programang pang-bokasyonal na rehabilitasyon. Hindi ito aplikasyon para sa mga serbisyong pang-bokasyonal na rehabilitasyon. Mangyaring pumunta sa [DR222 Vocational Rehabilitation Services Application](#) upang ma-access ang aplikasyon para sa mga serbisyong pang-bokasyonal na rehabilitasyon.

MGA INSTRUKSYON PARA SA PAGKUMPLETO NG FORM

Kumpletuhin ang form na ito upang maitala na kasalukuyang naka-enroll ang mag-aaral sa isang kinikilalang programang pang-edukasyon at itinuturing na mag-aaral na may kapansanan ayon sa 34 CFR 361.5(c)(51). Kinakailangan ang pahintulot at contact information ng mga Magulang/Tagapangalaga ng mga mag-aaral na may kapansanang may edad 18 pababa at hindi pa itinuturing na malayang menor de edad. Kinakailangan ang pahintulot at contact information ng tagapagtanggol para sa mga mag-aaral na may kapansang may edad 18 pataas at may tagapagtanggol na mayroong kaugnay na awtoridad. Makikita ang elektronik na bersyon ng form na ito sa website ng Kagawaran ng Rehabilitasyon (Department of Rehabilitation (DOR)) sa www.dor.ca.gov. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kailangan para sa mga serbisyo para sa paghahanda sa pamamasukan para sa mga mag-aaral na may kapansanan, mangyaring tignan ang seksyon 705(37) at 733 ng 29 USC, at parte 361.48(a) at 361.5(c)(51) ng 34 CFR. Maaaring bawiin ang pahintulot para lumahok ang mag-aaral sa mga student service anumang oras sa pamamagitan ng pagbigay ng nakasulat na abiso sa lokal na opisina ng DOR.

ABISO AT PAHAYAG SA PAGKAPRIBADO

Kinakailangan ang impormasyon na hinihingi sa form na ito upang tiyak na makilala ang indibidwal bilang mag-aaral na may kapansanan ayon sa 34 CFR 361.5(c)(51), upang makatanggap ng awtorisasyon para sa probisyon ng mga serbisyo para sa paghahanda sa pamamasukan, at upang makatanggap ng awtorisasyon ang mga tauhan ng paaralan na ipaalam sa DOR ang impormasyon na hinihingi ng form na ito para makipagtulungan, magbigay, o isaayos ang mga serbisyo para sa mga mag-aaral ayon sa seksyon 705(37) at 733 ng 29 USC, at parte 361.48(a) at 361.5(c)(51) ng 34 CFR. Hindi dapat magbigay ang mga indibidwal ng personal na impormasyon na hindi hinihingi sa form na ito.

May karapatan ang mag-aaral, o magulang, tagapangalaga, o tagapagtanggol kung naaangkop, na bawiin ang awtorisasyon sa pamamagitan ng pagbigay ng kasulatang abiso para sa mga tauhan ng paaralan Kung binawi ang awtorisasyon ng mag-aaral, o magulang, tagapangalaga, o ng tagapagtanggol kung naaangkop, hindi ito makakaapekto sa impormasyon na ipinaalam na sa DOR bago matanggap ng mga tauhan ng paaralan ang kasulatang abiso na bumabawi ng awtorisasyon.

May karapatan ang bawat indibidwal na suriin ang impormasyong hawak ng DOR tungkol sa kanyang sarili, maliban kung ipinagbabawal o may kondisyon ng batas o regulasyon. Para sa tulong sa pag-access sa naturang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa DOR. Makikita ang Patakaran sa Pagkapribado ng DOR sa www.dor.ca.gov. Mahahanap ang mga lokasyon ng opisina at contact information ng DOR sa <http://www.dor.ca.gov/DOR-Locations/index.asp>.

Sumasailalim ang anumang personal na impormasyong hinahawakan ng DOR sa mga limitasyong nakatakda sa California Information Practices Act (Civ. Code § 1798 at mga sumusunod), Titulo 34 ng Code of Federal Regulations seksyon 361.38, at California Code of Regulations, titulo 9, seksyon 7140 hanggang 7143.5. Maaaring ilabas ng DOR ang personal na impormasyon bilang tugon sa isang utos ng hukuman, mga imbestigasyong kaugnay ng mga tagapagpatupad ng batas, pandaraya, o pang-aabuso, na sumasailalim sa mga limitasyong nakasaad sa seksyon 7143.5, titulo 9 ng California Code of Regulations. (34 CFR 361.38(e)(4) and (5).)